


7

Araling Panlipunan

Unang Markahan - Modyul 1: Katangiang Pisikal ng Asya



Araling Panlipunan – Baitang 7
Alternative Delivery Mode
Unang Markahan – Modyul 1: Katangiang Pisikal ng Asya
Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Myra A. Abique

Editor: Rosario G. Caluya, Florenil M. Malabayabas, Diana P. Nobleza,
Marineil S. Perez, Esperidion D. Soleta Jr.

Tagasuri: Pedro J. Dandal Jr., Margielyn E. Tomanggong, Nora A. Nangit,
Joseph L. Lozanta, Thelma M. Salvacion

Tagaguhit: Teodorico A. Cabildo, Sergio M. Tupaz, Eric M. Montemar

Tagalapat: Esperidion D. Soleta Jr.

Tagapamahala: Benjamin D. Paragas
Mariflor B. Musa
Melbert S. Broqueza
Danilo C. Padilla
Freddie Rey R. Ramirez
Aurelia B. Marquez
Rodgie S. Demaliniao

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – MIMAROPA Region

Office Address: Meralco Avenue corner St. Paul Road, Pasig City

Telephone Number: (02) 6314070

E-mail Address: mimaropa.region@deped.gov.ph

7

Araling Panlipunan

**Unang Markahan - Modyul 1:
Katangiang Pisikal ng Asya**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinomang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anomang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

PANIMULA

Kamangha-mangha ang mga lugar na matatagpuan sa iba't ibang panig ng mundo, lalo't higit sa kontinente ng Asya. Ito ang itinuturing na pinakamalaking kontinente sa daigdig. Ito ay binubuo ng mga rehiyon na nagtataglay ng saganang likas na yaman. Halimbawa ng likas na yamang taglay nito ang El Nido at Coron sa Palawan. Ito ay matatagpuan sa Pilipinas. Kamakailan lamang ay itinanghal ito bilang isa sa pinakamagandang pasyalan sa buong mundo. Maliban sa El Nido at Coron, ano-anong tanyag na likas na yaman ang mayroon sa inyong bayan? Napuntahan mo na ba ang mga ito?

Alam mo na ba kung gaano kalawak ang sakop na kalupaan at katubigan ng Asya? Ilang rehiyon ang mayroon ito? Ano-ano ang mga bansang bumubuo sa mga rehiyong ito? Ilan lamang ito sa mga katanungang maaaring mabigyan ng kasagutan sa ating aralin. Halina at ating alamin kung **paanong ang ugnayan ng tao at ng kaniyang kapaligiran ay siyang nagbigay-daan sa paghubog at pag-unlad ng Kabihasnang Asyano.**

Matutuklasan mo sa modyul na ito ang mga konsepto ng paghahating heograpiko ng Asya. Handa ka na bang malaman ang mga kasagutan sa mga tanong na ito? Kung handa ka na, tara na, tayo nang maglakbay sa ating kontinente at ating suriin ang mga katangi-tanging bagay tungkol sa heograpiya at kultura ng mga taong naninirahan dito.

Mga Aralin at Saklaw ng Yunit

Aralin 1 – Konsepto ng paghahating heograpiko ng Asya

Sa araling ito, inaasahang matututuhan mo ang sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang konsepto ng Heograpiya;
2. Naitatala ang mga saklaw ng pag-aaral ng Heograpiya;
3. Naipaliliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog-Asya, Kanlurang Asya, at Hilagang Asya; at
4. Naiisa-isa ang mga bansang kabilang sa bawat rehiyon sa Asya.

Pamantayang Pangnilalaman


Naipamamalas ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa ugnayan ng kapaligiran at tao sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano.

Pamantayan sa Pagganap

Ang mag-aaral ay malalim na nakapag-uugnay-ugnay sa bahaging ginampanan ng kapaligiran at tao sa paghubog sa sinaunang kabihasnang Asyano.

“Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto”

Naipapaliwanag ang konsepto ng Asya tungo sa paghahating – heograpiko: Silangang Asya, Timog-Silangang Asya, Timog Asya, Kanlurang Asya, Hilagang Asya at Hilaga/ Gitnang Asya **(AP7HAS-Ia-1.1)**



Subukin

Paunang Pagtataya

Sa bahaging ito ay aalamin ang iyong dating kaalaman, kakayahan at pang-unawa tungkol sa heograpiya ng Asya na kinapapalooban ng mga pisikal na katangian at likas na yaman nito.

Panuto: Basahing mabuti ang mga katanungan at isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapaliwanag sa konsepto ng Heograpiya?
 - A. Ang heograpiya ay tumutukoy sa pag-aaral ng katangiang pisikal ng daigdig.
 - B. Ang heograpiya ay ang pag-aaral ng wika at kultura ng isang pamayanan.
 - C. Ang heograpiya ay tumutukoy sa pag-aaral ng distribusyon at alokasyon ng likas na yaman.
 - D. Ang heograpiya ay pag-aaral sa pinagmulan ng tao.
2. Ilang kontinente ang bumubuo sa daigdig?
 - A. 5
 - B. 6
 - C. 7
 - D. 8
3. Saang rehiyon sa Asya nabibilang ang bansang Pilipinas?
 - A. Timog Asya
 - B. Silangang Asya
 - C. Timog-Silangang Asya
 - D. Hilagang Asya
4. Kung ikaw ay nakatira sa bansang pinagmulan ng mga K-pop songs at Korean drama, saang bansa at rehiyon ka sa Asya nabibilang?
 - A. India sa Timog Asya
 - B. Thailand sa Timog-Silangang Asya
 - C. South Korea sa Silangang Asya
 - D. Qatar sa Kanlurang Asya
5. Ang Asya ay binubuo ng limang rehiyon na nabuo batay sa pisikal, historikal at kultural na aspekto. Kung pagsasama-samahin ang mga bansa, alin ang mga bansang napapaloob sa iisang rehiyon?
 - A. United Arab Emirates, Qatar at Iran
 - B. North Korea, Nepal at Singapore
 - C. Myanmar, Turkmenistan at Taiwan
 - D. China, Indonesia at Uzbekistan

6. Ang kontinente ng Asya ay binubuo ng limang rehiyon na kinabibilangan ng Hilagang Asya, Silangang Asya, Kanlurang Asya, Timog Asya at Timog-Silangang Asya. Kung ikaw ang bibigyan ng pagkakataon na bumuo ng mga rehiyon, anong mga aspekto ang iyong isasaalang-alang sa paghahati ng bawat rehiyon? Dugtungan ang parirala sa ibaba ayon sa napili mong titik. Isasaalang-alang ko ang _____
 - A. pamamaraan ng paglinang ng kapaligirang pisikal
 - B. mga porma ng anyong lupa, anyong tubig sa lugar
 - C. klima ng isang lugar
 - D. aspektong historikal, kultural at heograpikal

7. Ilang rehiyon ang bumubuo sa kontinente ng Asya?
 - A. 4
 - B. 5
 - C. 6
 - D. 7

8. Ano ang itinuturing na pinakamalaking kontinente sa daigdig?
 - A. Africa
 - B. Asya
 - C. Europa
 - D. Australia

9. Ano ang rehiyong kilala rin sa katawagang Inner Asia o Central Asia?
 - A. Timog Asya
 - B. Silangang Asya
 - C. Hilagang Asya
 - D. Kanlurang Asya

10. Alin sa sumusunod ang pinagbatayan sa paghahati ng mga rehiyon sa Asya?
 - A. Pisikal, Kultural at Historikal na aspekto.
 - B. Heograpikal na aspekto lamang.
 - C. Historikal at Kultural na aspekto
 - D. Pisikal at kasaysayang aspekto

11. Ang Timog-Silangang Asya ay nahahati sa dalawang subregions, ang Mainland Southeast Asia at Insular Southeast Asia. Kung ikaw ay nakatira sa Vietnam, sa anong subregion ka napapabilang?
 - A. Mainland Southeast Asia
 - B. Insular Southeast Asia
 - C. Inner Asia
 - D. Central Asia

12. Anong rehiyon sa Asya ang binansagang Farther India at Little China dahil sa mga naging impluwensiya ng mga bansang ito sa kultura nito sa rehiyong ito?
 - A. Hilagang Asya
 - B. Timog-Silangang Asya
 - C. Hilagang Asya
 - D. Timog Asya

13. Alin sa sumusunod na bansa ang kabilang sa rehiyon ng Kanlurang Asya?
- A. China
 - B. Kuwait
 - C. Uzbekistan
 - D. Thailand
14. Saang rehiyon nabibilang ang bansang Vietnam?
- A. Kanlurang Asya
 - B. Hilagang Asya
 - C. Timog Asya
 - D. Timog-Silangang Asya
15. Alin sa sumusunod na bansa ang bumubuo sa rehiyon ng Timog Asya?
- A. Oman, Yemen at Israel
 - B. China, Japan at Taiwan
 - C. Tajikistan, Azerbaijan at Georgia
 - D. Nepal, Bhutan at Afghanistan

Ilang puntos ang nakuha mo sa iyong unang pagtataya? Huwag kang mag-alala dahil ang lahat ng mga katanungang ito ay iyong masasagot kapag natapos mo ang modyul para sa unang markahan. Halika na at simulan mo na ang iyong paglalakbay!

Aralin

1

Katangiang Pisikal ng Asya

Kumusta ka? Ngayon ay magsisimula na ang iyong paglalakbay para matutuhan ang pag-aaral sa pisikal na katangian ng Asya. Halina at tayo ay magsimula!



Balikan

Gawain: Puso o Bituin, Pulsohan mo!

Panuto: Iguhit ang puso (♥) kung ang pahayag ay nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng mamamayan sa pagkamit ng kaunlaran ng bansa at iguhit ang puso (★) kung hindi nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng mamamayan. Isulat ang iyong kasagutan sa kuwadernong pang-aktibiti.

- _____ 1. Pangangalaga sa likas na yaman at kapaligiran.
- _____ 2. Nakikipagpalitan ng mahahalagang impormasyon at ideya sa kapwa
- _____ 3. Nakikilahok sa mga gawaing pangkomunidad na may layuning tumulong sa mamamayan.
- _____ 4. Nililintang ang kakayahan upang makapag-ambag sa pamayanan.
- _____ 5. Hindi nakikialam sa mga gawaing pangkomunidad.


Ilan ang iyong nakuhang puntos sa gawaing ito? Marami ka bang natutuhan mula sa iyong dating napag-aralan? Kung gayon, isa kang mabuting mamamayan. Ang lahat ng iyong natutuhan ay magiging bahagi kung paano mo pangangalagaan ang bawat bagay sa iyong kapaligiran. Halika na at mas higit na palalimin ang iyong kaalaman.




Tuklasin

Gawain: Pinoy Tuklasin Natin Ang Iyong Galing!

Panuto: Sa pamamagitan ng mga larawang nakikita sa kahon, punan ng tamang sagot na may kaugnayan sa larawan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.





A _ Y _ N _ _ U _ I _



L _ K _ S _ N _ Y _ M _ N




A _ Y _ N _ L _ P _



K _ I _ A A _ P _ N _ H _ N

Ngayong natapos mo na ang gawain, maaari mo nang itala sa graphic organizer ang mga salitang iyong nabuo mula sa gawain na may kaugnayan sa saklaw ng pag-aaral ng heograpiya.



Gawain: Subukan mo akong buoin!

Panuto: Sa gawaing ito ay susubukan mong makabuo ng isang salita sa pamamagitan ng pag-aayos ng mga letra. Ang mga salitang iyong mabubuo ay may kaugnayan sa konsepto ng Heograpiya. Handa ka na bang simulan ang gawain? Gawin ito sa iyong sagutang papel.

ISKLAIP	
ATKINGANA	
LAAAGPRA	
DDIIGGA	
OMUDN	

Matapos mong mabuo ang mga salita na may kaugnayan sa heograpiya, subukan mo naman ngayong makabuo ng kahulugan ng konsepto ng Heograpiya gamit ang mga salitang iyong nabuo mula sa gawain 2.

Gawain: Dugtungan mo ako!

Panuto: Dugtungan ang salitang nasa kahon upang makabuo ng konsepto ng Heograpiya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang heograpiya ay _____

Mahusay! Nalampasan mo ang iyong unang pagsubok. Mas higit nating pagyayamanin ang iyong kaalaman sa mga susunod na gawain.



Suriin

Gawain 1: Basahin at Unawain

Panuto: Basahin at unawain mo ang tekstong ito tungkol sa kinaroroonan, lokasyon, at paghahating pangrehiyon ng Asya. Makapagbibigay ito sa iyo ng impormasyon na higit mong kakailanganin sa pagtamo ng kaalaman, upang matutuhan ang konsepto ng paghahating heograpiko ng Asya.

Ang **Heograpiya** ay nagmula sa dalawang salitang Griyego – ang *geo* (daigdig) at *graphein* (magsulat). Ito ay nangangahulugan ng paglalarawan ng ibabaw o balat ng lupa. Maraming kinukuhang datos ang heograpiya sa iba't ibang agham-pisikal, bayolohikal, at sosyal. Ito ay nagbibigay-liwanag sa pagkakaayos o distribusyon ng bawat pangyayari at kahulugan nito sa paninirahan ng tao sa isang pook. Sa pag-unawa sa simula, ang mga yamang-lupa ay nakapagbigay sa historyador ng mga kabatiran kung paano ginagamit ang mga ito.

Sanggunian: Department of Education, *Project EASE: Modyul 1: Heograpiya ng Asya*, Bureau of Secondary Education, 2009, 2.

ANG KONTINENTE NG ASYA

Ang Asya ay isa sa pitong kontinente ng daigdig. **Kontinente** ang tawag sa pinakamalaking dibisyon ng lupain sa daigdig. Isa sa mga paraan ng pagkuha ng lokasyon ng isang kontinente at bansa ay sa pamamagitan ng pagtukoy ng *latitude* (distansiyang angular na natutukoy sa hilaga o timog ng equator) at *longitude* (mga distansiyang angular na natutukoy sa silangan at kanluran ng Prime Meridian) nito. Ang *Equator* ay ang *zero-degree latitude* na humahati sa globo sa hilaga at timog na hemisphere nito. Samantala ang *Prime Meridian* naman ay ang *zero-degree longitude* na humahati sa globo sa kanluran at silangang hemisphere nito. Ang nasasakop ng Asya ay mula sa 10° Timog hanggang 90° Hilagang latitude at mula sa 11° hanggang 175° Silangang longitude.

Pinakamalaki ang Asya kung ihahambing sa ibang kontinente sa daigdig. Sa kabuoang sukat nitong humigit-kumulang na 44,486,104 kilometro kuwadrado, halos katumbas nito ang pinagsama-samang lupain ng North America, South America, at Australia, at halos sangkapat (1/4) lamang nito ang Europe. Tinatayang sangkatlong (1/3) bahagi ng lupain ng daigdig ang kabuoang sukat ng Asya.

Nahahati sa limang rehiyon ang Asya: Hilaga, Kanluran, Timog, Timog-Silangan, at Silangang Asya. Heograpikal at kultural na sona ang mga rehiyong ito sapagkat isinaalang-alang sa paghahating ito ang pisikal, historikal at kultural na aspekto.


Ang **Hilagang Asya** ay binubuo ng mga bansang dating Soviet Central Asia (Kazakhstan, Kyrgyzstan, Tajikistan, Azerbaijan, Turkmenistan, Uzbekistan, Georgia, Armenia), Mongolia at Siberia. Kilala ang rehiyong ito sa katawagang Central Asia o inner Asia. Sa **Kanlurang Asya** matatagpuan ang hangganan ng mga kontinenteng Africa, Asya, at Europe. Dito nakalatag ang mga bansang arabo (Saudi Arabia, Lebanon, Jordan, Syria, Iraq, Israel, Cyprus, at Turkey).

Bahagi naman ng **Timog Asya** ang India; mga bansang Muslim ng Afghanistan, Pakistan, at Bangladesh; mga bansang Himalayan ng Nepal at Bhutan; at mga bansang pangkapuluan ng Sri Lanka at Maldives. Ang **Timog-Silangang Asya** ay minsang binansagang *Farther India* at *Little China* dahil sa mga impluwensya ng mga nasabing kabihasan sa kultura nito. Ang rehiyong ito ay nahahati sa dalawang *subregions*; ang *Mainland Southeast Asia* (Myanmar, Thailand, Vietnam, Laos, Cambodia) at *Insular Southeast Asia* (Pilipinas, Indonesia, Malaysia, Brunei, Singapore, East Timor). Ang **Silangang Asya** ay binubuo ng China, Japan, North, Korea, at Taiwan.

Marami ka bang natutuhan sa iyong binasa? Sa susunod na gawain ay pagyayamanin mo ang iyong kaisipan sa mga kaalamang nakuha sa tekstong iyong binasa.

Bilang karagdagang impormasyon sa iyo, makikita mo ang talahanayan sa ibaba na nagpapakita ng kabuoang sukat ng mga kontinente sa daigdig. Ang impormasyon ay mula sa *Project EASE: Modyul 1: Heograpiya ng Asya*, Bureau of Secondary Education, 2009, pahina 10.

Kontinente	Kabuoang Sukat (Kilometro Kuwadrado)
1. Asya	44, 339, 000
2. Africa	30, 312, 999
3. North America	24, 247,000
4. South America	17, 804, 526
5. Antarctica	14, 244, 000
6. Europa	10, 445, 000
7. Australia	7, 682, 300
Kabuoan	149, 134, 825




Pamprosesong tanong:

1. Batay sa talahanayan at pie graph, ano ang pinakamalaking kontinente sa ating daigdig?
2. Batay sa teksto, ilang rehiyon ang bumubuo sa Asya? Ano-ano ang mga rehiyong ito?

3. Paano hinati ang Asya sa iba't ibang rehiyon? Ano-ano ang mga batayang isinaalang-alang sa paghahating ito?
4. Kung ikaw ay nakatira sa bansang Pilipinas sa kasalukuyan, sa anong rehiyon ka nabibilang?
5. Sa iyong palagay, ano ang bahaging ginampanan ng paghahating heograpiko ng Asya sa paghubog ng sinaunang kabihasnang Asyano?

Sa iyong nabasang teksto ay natutuhan mo ang paghahati ng Asya sa iba't ibang rehiyon at ang mga batayan nito. Higit nating pagyayamanin ang iyong kaalaman sa mga bansang kabilang sa iba't ibang rehiyon sa susunod na gawain.




Pagyamanin

Ang mga gawaing nakapaloob dito ay lilinang at hahasa sa iyong isipan. Handa ka na ba?

Gawain 1: Punuan mo ako!

Panuto: Isulat mo sa concept organizer ang mga konseptong pinag-aaralan sa Heograpiya. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Ang mga saklaw ng pag-aaral ng heograpiya ay

Sa bahaging ito ay higit mong pagyayamanin ang iyong kaisipan sa pagsusuri at pagbabasa ng mapa. Susubukin natin ang iyong kaisipan sa pamamagitan ng pagtatala ng mga bansang napapaloob sa iba't ibang rehiyon ng Asya. Handa ka na ba?

Gawain 2: Mapa-Tingin!

Alam mo bang ang kontinente ng Asya ay binubuo ng limang rehiyon. Ang bawat rehiyon ay nagtataglay ng iba't ibang katangiang pisikal na nagbubunsod sa pagkakaroon ng iba't ibang yamang taglay. Nais mo bang malaman ang mga bansang bumubuo sa bawat rehiyon sa Asya? Sa pamamagitan ng pagtingin sa mapa at pananda na nasa ibaba, maaari mong isulat sa ibabang bahagi ang mga bansang napapaloob sa bawat rehiyon. Tara na at maglakbay! Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Pananda:

- Hilagang Asya ○ Timog Asya □ Timog-Silangang Asya
△ Silangang Asya ☆ Kanlurang Asya

MGA BANSANG SA HILAGANG ASYA	MGA BANSANG SA SILANGANG ASYA
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____

MGA BANSANG SA TIMOG ASYA	MGA BANSANG SA KANLURANG ASYA
1. _____	1. _____
2. _____	2. _____
3. _____	3. _____
4. _____	4. _____
5. _____	5. _____

MGA BANSANG SA TIMOG-SILANGANG ASYA
1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Gawain 3: Kaya Ko To!

Panuto: Tukuyin mo kung saang rehiyon napapaloob ang sumusunod na bansa. Isulat ang **HA** para sa Hilagang Asya, **SA** sa Silangang Asya, **TSA** sa Timog-Silangang Asya, **KA** sa Kanlurang Asya at **TA** para sa Timog Asya. Gawin ito sa iyong sagutang papel

- | | |
|-----------------------|----------------------|
| _____ 1. Kazakhstan | _____ 6. Maldives |
| _____ 2. India | _____ 7. Japan |
| _____ 3. Saudi Arabia | _____ 8. Thailand |
| _____ 4. Vietnam | _____ 9. Lebanon |
| _____ 5. China | _____ 10. Tajikistan |

Gawain 4: Fact o Bluff

Panuto: Suriin ang sumusunod na pangungusap kung ito ay TAMA o MALI tungkol sa paghahating heograpikal ng Asya. Isulat ang FACT kung ang pahayag ay TAMA at BLUFF kung ang pahayag ay MALI. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1. Ang kontinente ng Asya ay binubuo ng limang rehiyon.
2. Ang Hilagang Asya, Timog-Silangang Asya, Silangang Asya, Timog Asya at Kanlurang Asya ang mga rehiyong bumubuo sa Asya.
3. Ang bansang Pilipinas, Thailand, Vietnam at Myanmar ay matatagpuan sa rehiyon ng Silangang Asya.
4. Ang Timog-Silangang Asya ay binansagang Farther India at Little China dahil sa impluwensiya ng mga nasabing bansa sa rehiyong ito.
5. Ang Hilagang Asya ay kilala rin sa katawagang Central Asia o Inner Asia.
6. Isinaalang-alang sa paghahati ng mga rehiyon sa Asya ang aspektong pisikal, kultural at historikal.
7. Ang Insular Southeast Asia ay binubuo ng mga bansang Pilipinas, Indonesia, Malaysia at Brunei.
8. Ang mga bansang Nepal, Bhutan, Maldives at Sri Lanka ay bahagi ng Timog Asya.
9. Ang Timog-Silangang Asya ay binubuo ng dalawang subregions: Ang Mainland at Insular Southeast Asia.
10. Sa rehiyon ng Timog-Silangan napapabilang ang bansang Pilipinas.

Binabati kita dahil matagumpay mong nasagutan at naisagawa ang mga gawaing inihanda para sa iyo. Malugod ang aking pagbati sa galing at husay mo. Magpatuloy ka!




Isaisip

Gawain 1: Kaalaman mo ay Pagyamanin!

Panuto: Dugtungan mo ang pangungusap upang makabuo ka ng isang konsepto at pahayag na may kaugnayan sa katangiang pisikal ng Asya at sa paghahating heograpiko nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Ang kontinente ng Asya ay nahahati sa 1. _____, Ito ay binubuo ng mga rehiyong kinabibilangan ng 2. _____, 3. _____, 4. _____, 5. _____, 6. _____. Isinaalang-alang sa paghahati ng mga rehiyon ang aspektong 7. _____, 8. _____, 9. _____, 10. _____.

Naragdagan ba ang iyong kaalaman? Ngayon ay higit mong natutuhan na ang Asya ay binubuo ng limang rehiyon na kinapapalooban ng iba't ibang bansa. Nakakabilib ang iyong ipinakitang tiyaga at pagsusumikap sa pagsagot sa gawain. Pagyayamanin natin ang iyong kaisipan ng mga kaalaman na makatutulong sa pag-abot ng iyong tagumpay.



Isagawa

Gawain 1: Bayan Mo, Ilista Mo!

Panuto: Sa gawaing ito, ililista mo lamang ang mga Bayan na napapaloob sa iyong lalawigan. Maaari mong ilista lahat ng Bayan. Gawin ito sa iyong sagutang papel.. Halika at simulan mo na ang gawain.


‘MGA BAYAN SA LALAWIGAN NG _____’

1.	6.
2.	7.
3.	8.
4.	9.
5.	10.

Natutuwa ako sapagkat hindi lamang mga rehiyon at bansa sa Asya ang iyong natutuhan bagkus ikaw ay nagkaroon pa ng kamalayan sa mga lugar sa bayan o munisipyo sa inyong lalawigan na iyong kinabibilangan. Ipagpatuloy mo ang pagpapalalim ng iyong kaalaman.

Gawain 2: Mapa-Sagot-Husay!

Panuto: Tukuyin mo ang hindi bababa sa sampung (10) mga bansa sa blankong mapa sa ibaba. Maaari mong gamiting batayan ang mapa na ginamit sa pahina 13. Gawin ito sa iyong sagutang papel.



Napakahusay! Matagumpay mong naisagawa at natapos ang mga gawain. Binabati kita sa iyong galing at husay sa pagsagot ng modyul. Taglay mo na ngayon ang mga kaalaman na magagamit mo sa susunod na modyul na iyong sasagutan.



Tayahin

Panghuling Pagtataya

Panuto: Basahin at unawain mong mabuti ang mga katanungan. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang itinuturing na pinakamalaking kontinente sa daigdig?
 - A. Asya
 - B. Africa
 - C. Europe
 - D. South America
2. Ilang rehiyon ang bumubuo sa Asya?
 - A. 4
 - B. 5
 - C. 6
 - D. 7
3. Alin sa sumusunod na bansa ang kabilang sa rehiyon ng Kanlurang Asya?
 - A. China
 - B. Myanmar
 - C. Azerbaijan
 - D. United Arab Emirates
4. Alin sa sumusunod ang isinasaalang-alang sa paghahating heograpiko ng rehiyon sa Asya?
 - A. ang pamamaraan ng paglinang ng kapaligirang pisikal.
 - B. ang porma ng anyong lupa at anyong tubig sa lugar.
 - C. ang aspektong historikal, kultural at heograpikal.
 - D. ang klima at panahon ng isang lugar.
5. Alin sa sumusunod ang mga bansang magkakasama sa iisang rehiyon?
 - A. Japan, China at South Korea
 - B. Syria, Madives at Thailand
 - C. Afghanistan, Taiwan at Brunei
 - D. North Korea, India at Indonesia
6. Alin sa sumusunod ang **HINDI** kasama sa mga rehiyong bumubuo sa Asya?
 - A. Hilagang Asya
 - B. Kanlurang Asya
 - C. Timog-Silangang Asya
 - D. Insular Southeast Asia

7. Anong rehiyon ang kilala rin sa katawagang Inner Asia o Central Asia?
 - A. Timog Asya
 - B. Silangang Asya
 - C. Hilagang Asya
 - D. Kanlurang Asya

8. Alin sa sumusunod ang pinagbatayan sa paghahati ng mga rehiyon sa Asya?
 - A. Pisikal, Kultural at Historikal na aspekto.
 - B. Heograpikal na aspekto lamang.
 - C. Historikal at Kultural na aspekto
 - D. Pisikal at kasaysayang aspekto

9. Ang Timog-Silangang Asya ay nahahati sa dalawang subregions, ang Mainland Southeast Asia at Insular Southeast Asia. Kung ikaw ay nakatira sa Vietnam, sa anong subregion ka napapabilang?
 - A. Inner Asia
 - B. Sentral Asia
 - C. Insular Southeast Asia
 - D. Mainland Southeast Asia

10. Anong rehiyon sa Asya ang binansagang Farther India at Little China dahil sa mga naging impluwensiya ng mga bansang ito sa kultura nito sa rehiyong ito?
 - A. Hilagang Asya
 - B. Silangang Asya
 - C. Timog-Kanlurang Asya
 - D. Timog-Silangang Asya


11. Alin sa sumusunod na bansa ang kabilang sa rehiyon ng Kanlurang Asya?
 - A. China
 - B. Kuwait
 - C. Thailand
 - D. Uzbekistan

12. Saang rehiyon napapabilang ang bansang Vietnam?
 - A. Timog Asya
 - B. Hilagang Asya
 - C. Kanlurang Asya
 - D. Timog-Silangang Asya

13. Alin sa sumusunod na bansa ang bumubuo sa rehiyon ng Timog Asya?
 - A. Oman, Yemen at Israel
 - B. China, Japan at Taiwan
 - C. Tajikistan, Azerbaijan at Georgia
 - D. Nepal, Bhutan at Afghanistan

14. Ang Timog-Silangang Asya ay nahati sa dalawang subregions, ang mainland Southeast Asia at Insular Southeast Asia na binubuo ng mga kapuluang nakalatag sa Karagatan. Alin sa mga sumusunod na bansa ang kabilang sa Insular Southeast Asia o Pangkapuluang Timog -Silangang Asya?
 - A. Myanmar, Thailand, Vietnam, at Laos
 - B. Pilipinas, Indonesia, Malaysia at Brunei
 - C. Singapore, Taiwan, China at Japan
 - D. Nepal, Bhutan, Afghanistan at Pakistan

15. Binubuo ng limang rehiyon na kinabibilangan ng Hilagang Asya, Silangang Asya, Kanlurang Asya, Timog Asya at Timog-Silangang Asya. Kung ikaw ang bibigyan ng pagkakataon na bumuo ng mga rehiyon, anong mga aspekto ang iyong isasaalang-alang sa paghahati ng bawat rehiyon?
- ang klima ng isang lugar.
 - ang aspektong historikal, kultural, at heograpikal
 - ang pamamaraan ng paglinang ng kapaligirang pisikal.
 - ang mga porma ng anyong lupa at anyong tubig sa lugar.




Karagdagang Gawain

Gawain: HALIKA, SULAT TAYO!

Panuto: Sumulat ng isang repleksiyon ng iyong natutunan sa paghahating heograpiko ng Asya mula sa iba't ibang rehiyon. Ilahad ang iyong mga saloobin at ideya tungkol sa kahalagahan ng paghahating heograpiko ng mga rehiyon sa Asya. Gawing batayan ang pamantayan sa pagmamarka na makikita sa kahon. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

Pamantayan sa pagmamarka ng iyong Repleksiyon	
Nilalaman at kaugnayan sa paksa -----	10 puntos
Organisasyon ng mga ideya -----	5 puntos
Paggamit ng bantas at balarila -----	5 puntos
Kabuoan -----	<u> </u> 20 puntos



Susi sa Pagwawasto

Pagyamanin Gawain 1: Punuan mo ako (Maaari itong maging gabay):
 Ang mga saklaw ng pag-aaral ng heograpiya ay ang anyong lupa, anyong tubig, likas na yaman, klima at panahon, at interaksyon ng tao at nang kanyang kapaligiran.

<p style="text-align: center;">Tuklasin</p> <p>Gawain 1: Pinoy Tuklasin natin ang iyong galing! 1. Anyong Tubig 2. Anyong Lupa 3. Likas na yaman 4. Klima at panahon Gawain 2: Subukan mo akong buuin 1. Pisikal 2. Katangian 3. Pag-aaral 4. Daigdig 5. Mundo Gawain 3: Dugtungan mo ako! Halimbawa: Ang heograpiya ay pag- aaral o paglalarawan sa katangiang pisikal ng daigdig.</p>	<p style="text-align: center;">Balikan</p> <p>Gawain: Pusan mo ako</p> <p>1. ♥ 2. ♥ 3. ♥ 4. ♥ 5. ★</p>	<p style="text-align: right;">Subukin</p> <p>1. A 2. C 3. C 4. C 5. A 6. D 7. B 8. B 9. C 10. A 11. A 12. B 13. B 14. D 15. D</p>
--	--	--

1. Uzbekistan	1. China	1. Pakistan	1. Syria	1. Pilipinas
2. Kazakhstan	2. Japan	2. Nepal	2. Iraq	2. Myanmar
3. Tajikistan	3. North Korea	3. India	3. Iran	3. Vietnam
4. Turkmenistan	4. South Korea	4. Bhutan	4. Lebanon	4. Thailand
5. Kyrgyzstan	5. Taiwan	5. Maldives	5. Yemen	5. Malaysia
6. Armenia		6. Afghanistan	6. Oman	6. Laos
7. Georgia			7. Qatar	7. Brunei Darussalam
			8. United Arab Emirates	8. Indonesia
				9. East Timor

Gawain 2: Mapa-Tingin (In any order sa bawat rehiyon)

Paalala: Sa bahaging ito ay maaaring magdagdag ang guro bansang kabilang sa bawat rehiyon.

1. HA	6. TA
2. TA	7. SA
3. KA	8. TSA
4. TSA	9. KA
5. SA	10. HA

Gawain 3: Kaya ko to!

1. Fact	6. Fact
2. Fact	7. Fact
3. Bluff	8. Fact
4. Fact	9. Fact
5. Fact	10. Fact

Gawain 4: Fact o Bluff

<p>Isaisip</p> <p>Gawain 1: Kaalaman mo ay Pagyamanin</p> <ol style="list-style-type: none"> Limang rehiyon Hilagang Asya Kanlurang asya Timog-Asya Kanlurang Asya Timog-Silangang Asya <p>Any Order</p> <ol style="list-style-type: none"> Pisikal Heograpiikal Kultural Historikal <p>Any Order</p>
--

Tayahin

- | | | |
|------|-------|-------|
| 1. A | 6. D | 11. B |
| 2. B | 7. C | 12. D |
| 3. D | 8. C | 13. D |
| 4. C | 9. C | 14. B |
| 5. A | 10. D | 15. B |

Gawain 2: Mapa-Sagot-Husay

- | | | |
|-------------------------|----------------|-----------------|
| 1. Russia | 11. Pakistan | 20. Thailand |
| 2. Kazakhstan | 12. India | 21. Cambodia |
| 3. Syria | 13. Sri Lanka | 22. Vietnam |
| 4. Jordan | 14. Nepal | 23. Pilipinas |
| 5. Saudi Arabia | 15. China | 24. South Korea |
| 6. Iraq | 16. Mongolia | 25. North Korea |
| 7. Iran | 17. Bhutan | 26. Japan |
| 8. United Arab Emirates | 18. Bangladesh | |
| 9. Oman | 19. Myanmar | |
| 10. Afghanistan | | |

Isagawa

Gawain 1: Bayan mo, Ilista mo!

Ang sagot sa gawain ito ay nakadepende sa Lalawiganang kinabibilangang ng mag-aaral. Maaaring isulat ng mag-aaral ang lahat ng Bayan at hindi lamang limitado sa sampu.

Halimbawa ng mga Bayan sa lalawigan ng Palawan.

- | | | |
|------------|------------------|---------------|
| 1. Aborlan | 6. Cuyo | 11. Coron |
| 2. Narra | 7. San Vicente | 12. Dumaran |
| 3. Roxas | 8. Balabac | 13. Linapacan |
| 4. Taytay | 9. Brookes Point | 14. Magsaysay |
| 5. El Nido | 10. Quezon | 15. Rizal |

Sanggunian

Department of Education, *Project EASE: Modyul 1: Heograpiya ng Asya*, Bureau of Secondary Education, 2009, 2 at 10.

Department of Education- Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)
Asya: Pagkakaisa sa Gitna ng Pagkakaiba, Quezon City: Enduresources Publishing, Inc., 201

Government Website

Department of Education-<http://lrmds.deped.gov.ph>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph